

Para sa mga Technical Intern Trainees

Kapag may trouble, kumonsulta sa amin !

Upang maging malusog at matagumpay ang buhay training sa Japan ng mga technical intern trainees, nagbibigay kami ng suporta sa sariling wika.

【Konsultasyon sa Sariling Wika】 <https://www.support.otit.go.jp/soudan/phi> → pumunta sa site

● Gusto kong ipagpatuloy ang training ngunit hindi ko na magawa • • •

Kung hindi mo pa nakukumpleto ang iyong technical training at nais mong tapusin ito hanggang huli, ngunit mukhang ikaw ay pauuwiin na, kontakin agad ang konsultasyon sa sariling wika. (Kung sa pangyayari na ikaw ay nasa airport/sea port na, maaari ka ring kumonsulta sa immigration officer sa oras ng departure procedures.)

Gayundin, kung ikaw ay nababahala at pinipilit kang mag-resign ng kompanyang tumanggap sa iyo, kontakin muna ang Konsultasyon sa Sariling Wika.

** Kung mahihirapan ang kompanyang tumanggap sa iyo na ipagpatuloy ang training, ang nangangasiwang organisasyon at kompanyang tumanggap ay may obligasyon na ihanap ka ng ibang training site. Sa ilalim ng Technical Training Act, illegal ang pagpapauwi ng sapilitan sa mga trainees sa kanilang bansa kung mismong mga trainees ay nagnanais ipagpatuloy ang kanilang training. Kung sa hindi maiiwasang pagkakataon na hindi makahanap ng bagong training site ang nangangasiwang organisasyon at kompanyang tumanggap, ang OTIT ay nagbibigay rin ng suporta sa paghahanap ng bagong malilipatan.

● Ang nilalaman ng trabaho at ang pagtrato ay iba • • •

Kumontak muna sa konsultasyon sa sariling wika kung may pagdududa ng violation sa Technical Training Act, (atbp.) tulad ng pagpapagawa sa iyo ng trabaho na iba sa sinabi sa iyo bago ka dumating sa Japan, hindi ka sinuswelduhan ayon sa nakasaad sa kontrata, hindi binabayaran ang overtime mo at kung ikaw ay binu-bully, sinasaktan, at iba pa.

● Makakuha ng malaking sweldo • • •

Hindi ka dapat tumanggap ng matatamis na imbitasyon mula sa kakilala sa pamamagitan ng SNS na nagsasabi na “kikita ka sa iba, “malaki ang sweldo” , advance ang bayad ng sweldo” , o “maganda ang pag-trato sa trabaho” . Sa mga kaso na ikaw ay naloko sa matatamis na imbitasyon, madamay sa krimen at sinamantala ang iyong kinita, mangyari lamang na kumontak muna sa konsultasyon sa sariling wika.

Karagdagan pa rito, kapag ikaw ay umalis sa kompanyang tumanggap sa iyo bilang sagot sa mga matatamis na imbitasyon, hindi lamang magiging violator ka ng batas at ordinansa, magdudulot din ito sa pagkasangkot sa krimen. Huwag mamroblemang magisa.

Kapag may trouble, “kontakin ang konsultasyon sa sariling wika” .